Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 14 NG HUNYO. 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Heidi S. Ciriaco ............ | Pang. Punong Bayan<br>on leave |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 230-T´2000

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 26-T´2000/ KAUTUSANG BARANGAY BLG. 5-T´2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JUAN NA NAGTATAKDA NG PAGBABAYAD NG KAUKULANG "FILING FEE" SA ANUMANG USAPING IDUDULOG SA NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA´T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang tio ang Kapasiyahan Blg. 26-T´2000/Kautusang Barangay Blg. 5-T´2000 ng Sangguniang Barangay ng San Juan na naglalayong magtakda ng pagbabayad ng kaukulang "filing fee" ang nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA´T,** matapos na ito ay matalakay at malaman na ang pagsasaalang-alang na ito ay naaayon sa itinatadhana ng batas base sa kakayahan ng mga mamamayang tumalima sa pamamaraan ng pamumuwisan ukol dito ay inirekomenda ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ang nasabing kapasiyahan/kautusan ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKA´T,** ang naturang pagtatakda ng kaukulang filing fee ay dumaan sa konsultasyon sa naturang barangay ayon sa isinasaad sa nabanggit na kapasiyahan/kautusan;

**KUNG KAYA´T DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, Florencio C. Odejar, Louie C. de Leon at Edgardo T.Porca at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo´y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan bLg. 26-T´2000/Kautusang Barangay Blg. 5-T´2000 ng Sangguniang Barangay ng San Juan na nagtatakda ng pagbabayad ng kaukulang "filing fee" sa anumang usaping idudulog sa nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Manananggol at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 230-T'2000)



PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan